

MALIGAYANG PAGDATING SA BAYAN NG SAKAHOGI

ようこそ！坂祝町へ

～Comportably na Pamumuhay Sa Bayan ng Sakahogi～

～坂祝町で快適に暮らすために～



Aklat Patnubay ng Pamaraan ng Pamumuhay sa Bayan ng Sakahogi

坂祝町生活ガイドブック

MALIGAYANG PAGDATING SA BAYAN NG SAKAHOGI!

～Comportably na Pamumuhay sa Bayan ng Sakahogi～

Aklat Patnubay ng Pamaraan ng Pamumuhay sa Bayan ng Sakahogi

ようこそ！坂祝町へ

～坂祝町で快適に暮らすために～

坂祝町生活ガイドブック

Pagpapakilala

Ang Bayan ng Sakahogi ay nasa dakong timog ng Probinsya ng Gifu. Noong taong 1897, ang anim na Bario, Sakagura, Ohari, Kuroiwa, Fukagaya, Katsuyama at Torikumi, ay pinagsama at naging Nayon Sakahogi. At noong taong 1968 na isina-ayos ang nayon Sakahogi ay naging Bayan Sakahogi


Pinag pala nang mainit na klima at magandang natural na paligid. Ang bayang Sakahogi ay mayroong mahusay na inorganisang daan at riles (at mabuting organizedas), pati narin ang sapat na mga pagkakataon sa trabaho, at maganda na lugar para sa pamumuhay. Marahil sa dahilang ito, sa nakaraang ilang taon, maraming ibat ibang dayuhang banyaga na dumating para manirahan dito. Mula noong Octubre 1, 2008 ang populasyon ng bayan ng Sakahogi ay naging 8, 515 na kung saan 749 ang dayuhan (humigit-kumulang 9% sa kabuunan ng populasyon) at ito ay tumataas ang numero taun-taon.

Papunta sa bansa na may ibang kahalagahan o tradisyon mula sa iyong sariling bansa kaya maari-kang maguluhan o malito sa mga maraming bagay. Subalit sa bansang Hapon ay may sariling kaugalian at tradisyon, at sinusunod mo ang mahalagang kaugalian ng iyong sariling bansa kaya iyon ang dahilan ng iyong problema at sa iyong paligid.

Ang pag aral at pag angkup ng wastong patakaran at kaugalian ng bansang Hapon ay makakatulong sa iyo at maiwasan ang problema, at komportable ang pamumuhay sa bansang ito.

Ang Sakahogi Town Life Style Book, isang simpleng kabuan tungkol sa mga impormasyon ng serbisyo ng pamahalaan at sistema na kailangan mo malaman at maunawaan at dapat sundin ang mga patakaran para sa isang mamayan ng Bayan ng Sakahogi .

Inaasahan namin na ang Aklat Patnubay ay makatulong sa pang araw-araw na pamumuhay, at bilang isang mamayan ng Bayan ng Sakahogi para sa masaya at maayos na pamumuhay dito.



Isa Karing sa mga Mamamayan

Mga Lokal na Patakarang Komunidad

Oras na kayo ay lumipat, sa madaling panahon, makisanay sa paligid o kapitbahay. Makipagbati ng mga simpleng bati kamukha ng Ohayo Gozaimasu (Magandang Umaga) Konnichiwa (Magandang Hapon), kung mayroon kang masalubong sa daan ito ay makatulong para sa mabuting pakipag-ugnayan sa kapitbahay. Gayunman, ang hindi pagsunod sa mga patakarang panlipunan ay nakakaabala sa ibang tao at iyon ang dahilan ng pamumuna at paghantong sa masamang relasyon, kaya kinakailangan mag ingat.

○ Sa gabi huwag mag ingay alin man sa loob o labas ng bahay.

Ang bahay ng mga Hapones ay maliit lamang kaya madaling marinig ang ingay sa labas. Pag masyadong maingay sa hating gabi o umagang-umaga maaring maka istorbo sa mga kapitbahay kinakailangan mag ingat para hindi maka istorbo sa oras ng mga araw na kung ang paligid ay tahimik.

○ Sundin ang patakaran tungkol sa pagtapon ng basura.

Sa bansang Hapon, bago itapon ang basura kailangan ibukod para sa konsiderasyon sa paligid ng mundo kaya itapon ang basura sa araw at oras ng tapunan. Magtanong sa kapit bahay o paligid sa mga patakaran.

○ Mga samahang lokal ng mga residente.

Sa mga lokal na komunidad sa Hapon ay may samahan na tinatawag na JICHIKAI o CHONAIKAI (Samahan ng Magkakapit Bahay). Itong JICHIKAI o CHONAIKAI ay pagtitipon ng mga residente komunidad para pag usapan ang mga ibat ibang bagay o pagtulong sa mga gawaing komunidad ang mga patakaran ay depende sa mga asosasyon ng residente, kadalasan, gumagawa sila ng mga ibat ibang palaro o kulturang gawain gaya ng maglinis sa paligid para sa magandang pamumuhay ng paligid. Bilang isa sa mga meyembro ng komunidad kailangan makisama sa mga gawaing ito para sa magandang pakikibagay sa mga kapit bahay.

Para sa impormasyon paano magsama sa JICHIKAI o CHONAIKAI makipag-alam sa Sakahogi Town Hall General Affairs Division (tel: 0574-26-7111).

Mga Patakaran sa Trapiko

Magingat sa pagmaneho sundin ang mga patakaran ng Trapiko ng Hapon.

- ◆ HUWAG uminom kung magmaneho!
- ◆ LAGING ikabit ang sinturon pang kaligtasan (seat belt)!
- ◆ Pag mabilis ang patakbo ay sanhi ng aksidente. HUWAG lampasan ang limitasyon ng takbo!
- ◆ HUWAG gamitin ang cell phone habang nag mamaneho!
- ◆ I parke ang sasakyan sa nakatakandang lugar lamang!
- ◆ Siguraduhin na kumuha ng compulsaring seguro (Compulsory Automobile Liability Insurance)..
(Kumuha ng voluntary insurance mas lalong epektibo).
- ◆ Siguraduhin na ang iyong sasakyan nakadaan sa inspeksyon ng kaligtasan
Ang sasakyan hindi dapat baguhin!

Immigration / Immigration and Foreign Resident Registration

Imigrasyon at Rehistrasyon ng Residente ng mga Dayuhan

Kung kayo ay titigil sa bansang Hapon ng higit sa 90 araw ay kailangan mong magpa rehistro bilang isang dayuhang ma mayan sa munisipyo ng lunsod / bayan / nayon kung saan ka nakatira. Kailangan mong ipag bigay-alam sa tanggapan ng munisipyo kung mayroong pag babago ng iyong nasyonalidad, pamahayang tirahan, trabaho, katayuan ng paninirahan, pangalan o lugar ng trabaho, pati narin ang kapanganakan o kamatayan sa loob ng tinutokoy na oras.

○ Mga pamaraan at kailangan na mga dokumento.

Kapag mag pa rehistro bilang isang dayuhang mamamayan kailangan ipakita ang iyong pasaporte 2 pirasong litrato (3.5cm X 4.5cm, kuha sa loob ng anim na buwan ang mukha ay sa tapat naka tingin, walang sombrero walang kubli).

Ang aplikante na ang edad nasa baba ng 16 taon hindi na kailangan magbigay ng litrato. Pagkatapos ng rehistro humigit kumulang sa loob ng tatlong linggo bibigyan ka ng Gaikokujin Toroku Shomeisho.

Siguraduhin mong dalhin ang Gaikokujin Toroku Shomeisho tuwing lumalabas ng bahay. Ang mga sumusunod ay mga detalye at paraan at mga kailangan na dokumentos.

6

Klase ng Aplikasyon	Lugar	Abiso ng Petsa	Aplikante	Kinakailangang Dokumento
---------------------	-------	----------------	-----------	--------------------------

Bagong Registration

Immigration	Munisipyo sa lungsod ng paninirahan	Sa loob ng 90 araw	(Kapag ang aplikante ay may edad na 16 o higit pa) . (Kapag ang aplikante ay may edad na mababa sa 16 taon) Miyembro ng sambahayan ng mga aplikante.	1. Pasaporte 2. 2 Ritrato
Kapanganakan		Sa loob ng 60 araw		Katibayan ng pagparehistro ng kapanganakan

Pagbabago sa mga nakarehistro na mga detalye

Pagbabago ng tirahan	Munisipyo ng lungsod ng bagong tirahan	Sa loob ng 14 araw ng paglipat	Aplikante o miyembro ng sambahayan .A ng mga aplikante sa bagong lugar ng paninirahan	
Baguhin maliban sa pagbabago ng tirahan	Munisipyo ng lungsod ng bagong tirahan	Sa loob ng 14 araw ng pagbabago	Aplikante o miyembro ng sambahayan ng nga aplikante	1. Dokumento na nagpapatunay ng pagbago
Pagsusog, palitan ng pangalan, kasarian petsa ng kapanganakan o nasyonalidad	Nasa itaas	Kapag ang mga sitwasyon na naka lista sa kaliwa ay nangyari	(Kapag ang aplikante ay may edad na 16 o higit pa) na aplikante. Kapag ang aplikante ay may edad na mababa sa 16 taon) Miyembro ng sambahayan ng mga aplikante	1. Pasaporte 2. 2 Litrato

Pagbibigay muli ng sertipikasyon (certificate) ng Alien Registration

Nawala, Ninakaw	Nasa itaas	Sa loob ng 14 araw ng pagkatuklas ng pagkanakaw o pagkawala ng sertipiko	(Kapag ang aplikante ay may edad na 16 o higit pa) Kapag ang aplikante ay may edad na mababa sa 16 taon	1. Pasaporte 2. 2 Litrato 3. Isinumite na report sa pulis o katiyaban ng pagkawala ng abiso
-----------------	------------	--	---	---

Pagpalit ng Alien Card

Pinsala o kabaligtaran ng mga sertipiko ng Alien Registration	Nasa itaas	Kailangan kapag ang mga sitwasyon na nakalista sa kaliwa ay nangyari	Nasa itaas	1. Pasaporte 2. 2 Litrato
---	------------	--	------------	------------------------------

Pagbabago ng sertipikasyon (certificate) ng Alien Registration

Pagtatapos ng panahon ng bisa ng sertipiko ng Alien Registration	Nasa itaas	Sa loob ng 30 araw ng pagtatapos ng panahon ng bisa ng sertipiko ng Alien Registration	Nasa itaas	1. Pasaporte 2. 2 Litrato
Kapag ang aplikante ay umaabot sa edad na 16		Sa loob ng 30 araw pagkaraan ng ika-16 taong kaarawan ng aplikante		

Pamaraan ng Paninirahan

Kapag ang isang dayuhang mamayan ay pumasok sa bansang Hapon ang kanilang estado ng paninirahan at araw ng pananatili ay nakatala. Ang estado ng paninirahan at haba ng araw ng pagtira sa bansang Hapon ay depende sa alinsunod ng kuwalipikasyon sa estado ng paninirahan.

Dahil sa mga dokumento na kinakailangan ng aplikasyon ay naiiba depende sa alinsunod ng paninirahan at sitwasyon ng paninirahan, kaya kailangan tumawag sa mga sumusunod na tanggapan para sa mga detalye:

■ Nagoya Regional Immigration Bureau

Tel: 052-559-2150

■ Nagoya Immigration Information Center

Tel: 052-973-0441

■ Immigration Bureau Ministry ng Katarungan

<http://www.immi-moj.go.jp/english/index.html>

Ibat-ibang Pamaraan ng Abiso

■ Abiso ng Panganganak at Kamatayan

Uri ng mga Aplikasyon	Lugar	Abiso ng Petsa	Aplikante	Kinakailangang Dokumento
Pagpaparehistro ng kapanganakan※1	<ul style="list-style-type: none">Lugar ng kapanganakanMunisipyo ng Bayan kung saan na lugar ang aplikante nakatira	Sa loob ng 14 araw ng kapanganakan	Sa mga sumusunod na order: ① Ang Ama o Ina ② Miyembro ng sambahayan ng aplikante ③ Umasikasong manggagamot o komadrona	<ul style="list-style-type: none">Paunawa ng kapanganakan (ang katibayan ng kapanganakan)Maternal and Child Health Handbook ※2Kard ng seguro ng pangkalusugan
Rehistro ng kamatayan	<ul style="list-style-type: none">Nakarehistrong tirahan ng taong namatay tMunisipalidad kung saan namatayMunisipyo kung saan ang aplikante nakatira	Ipaalam sa loob ng 7 araw ng kamatayan	Miyembro ng pamilya o miyembro ng sambahayan ng taong namatay	<ul style="list-style-type: none">Kasulutan ng kamatayan (sertipikasyon ng kamatayan)Sertipiko ng Alien Registration ng namatay

※1 Sa pangyayari na ang bata ay titigil sa bansang Hapon ng 6 na araw o mahigit pa, kailangan na maisumite ang aplikasyon para sa estado ng paninirahan sa Immigration Bureau sa loob ng 30 araw pagkatapos ipanganak ang bata.

※2 Paki sangguni sa pahina 20.

■ Abiso ng kasal at diborsiyo

Ang kailangan na mga dokumento ay depende sa alinsunod ng national ng aplikante, siguraduhin na makipag- ugnayan sa Embahada o Konsulado ng Hapon tungkol sa detalye, tungkol sa sariling bansa ng aplikante.

■ Immigration (pabalik sa sariling bansa)

Pag-alis mo sa bansang Hapon ng permanente, kailangan isauli ang Sertipiko ng Alien Registration sa opisyal ng Immigration sa araw ng iyong paglisan sa puerto. Kung ikaw ay mayroong permiso ng muling pagpasok hindi na kailangan isauli ang Sertipiko ng Alien Registration .

Magtanong: **JUMIN-KA – Residents Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111 (extension 226)

Kalusugan / Kapakanan

Pasilidad ng Medisina

Pag masama ang iyong pakiramdam, siguraduhin mong pumunta sa mang-gagamot kaagad at depende sa iyong mga sintomas na kailangan mong puntahan na espesyalista na klinika o departamento ng hospital, Gamutan panloob, pag-opera, tainga, ilong at saka lalamutan at mata, gastroenterology at saka mga iba pang espesyalista, kung saan ka kinakailangan gamutin. Pag dating mo sa hospital sabihin mo sa resepsyonista tungkol sa iyong naramdaman para dalhin ka sa tamang departamento.

- **KOBAYASHI CLINIC** (Panloob na Gamutan at Opera)
Sakahogi-cho, Kuroiwa 383-5 Tel: 0574-25-8077
- **SAKAHOGI SHIKA IN** (Dentista)
Sakahogi-cho, Sakagura 1439-8 Tel: 0574-25-6677
- **GOTO SHIKA** (Dentista)
Sakahogi-cho, Sakagura 1090-8 Tel: 0574-25-0252
- **KIZAWA KINEN BYOUIN – Hospital Memorial Kizawa** (Heneral Hospital)
Minokamo-shi, Kobi-cho, Shimo-Kobi 590 Tel: 0574-25-2181
- **OTA BYOUIN – Hospital Ota** (Gamutan Panloob Opera, ortopedico at dermatolohiya)
Minokamo-shi, Ota-cho, 2855-1 Tel: 0574-26-1251
- **WATANABE NAIKA CLINIC** (Gamutan Panloob)
Minokamo-shi, Fukata-cho, 3-19-1 Tel: 0574-23-1070

※ Seguraduhin mong dalhin ang iyong kard ng seguro sa kalusugan at perang pambayad sa pag pagamot.

Sistema ng Segurong Pangkalusugan

Sa Hapon may dalawang Sistema ng Segurong pangkalusugan. Segurong pangkalusugan at pambansang seguro ng pangkalusugan (Health Insurance and National Health Insurance). Kahit iba ang nationalidad kailangan ang lahat na tao na nakatira sa bansang Hapon ay kailangan pumasok sa isa sa ganitong sistema ng Health care Insurance System.

1) KENKO HOKEN – Segurong pangkalusugan

Ang Seguro ng pangkalusugan ay nagbibigay ng benepisyo sa medisina at pagnawalan ng trabaho kung ang tao ay nagkasakit o nasugatan. Ang sistema na ito ay disenyo upang ma protektahan ang kalusugan at paraan ng pamumuhay ng tao na nagtatrabaho pagnagkasakit o na sugatan at ang kanilang pamilya. Pag ikaw ay nag tatrabaho ng buong oras sa kalakal estableseimiento ikaw ay nakapasok sa parehong sistema sa mga buong oras na nag tatrabahong Hapones at ang iyong mga dependentes na naipasok sa seguro maka tanggap din ng benepisyo.

2) KOKUMIN KENKO HOKEN – Pambansang Segurong Pangkalusugan (National Health Insurance)

Ang mga hinding Hapones na naka rehistro bilang dayuhang mamamayan na naninirahan sa loob ng isang taon o mahigit na hindi nakatanggap ng seguro sa kulusugan sa pinag trabahuan ay kailangan pumasok sa pambansang segurong pangkalusugan kasama ang mga dependentes.

① Pagpasok

Maari kang pumasok sa pambansang segurong pangkalusugan sa Town Office Resident Division (JUMIN-KA).

Sa pagpasok kailangan ang ① Sertipiko ng Alien Card (GAIKOKUJIN TOUROKU).

Iyong ② Katibayan ng pagka putol ng seguro sa kalusugan kung kayo ay umalis sa trabaho.

Sa isang kard ng seguro ay nag papatunay sa may hawak na nakapasok siya sa seguro kaya sa bawat isa may ibibigay na kard.

② Kabayaran ng Seguro

Ikaw ay padalhan ng paunawa ng kabayaran paraan sa koreo, sa ginamit mo o hindi sa pasilidad ng medisina ay dapat dalhin sa banko o opisina ng bayan ang paunawa ng kabayaran bawat katapusan ng buwan o ipadaan sa automatik bank transfer. Simula ng abril 1, 2009 puede narin mag bayad sa convenience store.

※ Ang kabayaran ng seguro ay kinakalkula ayon sa kung ilan tao ang nakaseguro sa isang pamilya at sa kita noong nakaraang taon.

③ Ukol sa Medisina at Benepisyo ng Seguro

Kapag ikaw ay pumunta sa hospital para mag pagamot ipakita mo ang iyong kard ng seguro ng pangkalusugan (Health Insurance Card) sa mesa ng resepsyon. Pagkatapos nag pagsusuri kailangan mong bayaran ang 30% sa kuwenta ng medikal. Paki-tandaan na ang seguro sa kalusugan ay hindi maipapatupad sa mga sumusunod na sitwasyon.

◆ Pag hindi mo pinakita ang kard ng seguro sa pasilidad ng medisina habang ikaw ay nagpapagamot.

(Gayun man paghindi mo pinakita ang kard ng seguro dahil sa hindi maiwasan na pangyayari tulad ng biglang pagkakasakit habang nag lalakbay, maari kang mag apply sa tanggapan ng bayan para maibalik sa iyo ang 70% ng medical bill.)

◆ Ang normal na pagbubuntis at panganganak ay hindi isang sakit samakatuwid hindi sakop ng seguro pangkalusugan subalit,ang taong nakaseguro ang kaniyang dependente ay pagmganganak mayroon silang matatanggap na lump-sum allowance para sa panganganakan at pag-aalaga.Sa ilalim ng alin man sa Health Insurance o National Health Insurance System. Bukod dito ang nakaseguro na tao o kaniyang depende pag namatay ay mayroon din matanggap na lump-sum funeral allowances.

④ Pag tigil ng Seguro pang Kalusugan

Hindi maaring ipatigil ang pambayang seguro ng kalusugan kung dahil lang sa iyong sarili na paglabag hindi posibleng ipatigil, subalit sa ilalim na mga sumusunod na kalagayan ang pamamaraan ng pagtigil ay maaring masunod.

◆Kung ikaw ay papasok sa seguro pang kalusugan sa iyong pinagtatrabahuan kasama ang iyong mga dependentes

→Pakidala ang lahat na kard ng seguro pangkalusugan ng pambayan sa pamahalaan ng bayan.

◆Pag kayo ay umalis sa bayan ng Sakahogi o (Aalis sa bansang Hapon)

→Sapagkat hindi mo na kailangan gamitin ang seguro ng pangkalusugan ng Bayan ng Sakahogi.

Siguraduhin mong ibalik ang mga kard sa pamahalaan ng Bayan ng Sakahogi at ayusin ang mga kabayaran ng seguro.

※Seguraduhin mo na rin na magparehistro, bilang isang dayuhang mamamayan sa bagong nayon o bayan na iyong lilipatan at kumuha ng panibagong kard ng seguro ng pang kalusugan. Pag ikaw ay naka tanggap ng pahintulot ng re-entry kailangan mong mag bayad ng seguro.

Magtanong: **JUMIN-KA – Residents Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 224)

Ibat-ibang Sustentong Panlipunan

■ Espesyal na Sustento para sa mga may kapansanan na tao (TOKUBETSU SHOUGAISHA TEATE)

Ang may kapansanan na tao 20 taong gulang o higit pa, na nangailangan ng espesyal na bahay pangangalaga dahil sa malubhang kapansanan at ibat ibang kapansanan na nahirapan sa pang araw-araw na pamumuhay ay karapat dapat sa sustentong ito. Subalit pag may roong mataas na kinikita ay hindi posible sa sustentong ito.

■ Sustentong Panlipunan para sa mga may kapansanan na bata (SHOUGAIJI FUKUSHI TEATE)

Ang may kapansanan na bata sa ilalim ng edad ng 20 taon gulang na nangailangan ng palagi pangangalaga ay karapat dapat mag aplay sa sustentong ito. Subalit ang taong may mataas na kinikita ay hindi posible sa sustentong ito. .

■ Espesyal na Sustento para sa Dependente ng bata (TOKUBETSU JIDOU FUYOU TEATE)

Ang taong nag aalaga o nagpapalaki ng batang na sa ilalim ng 20 taong gulang ay kapapat-dapat mag aplay sa sustentong ito. Subalit ang taong may mataas na kinikita ay hindi posible sa sustentong ito.

- Aklat-patnubay ng may pisikal na kapansanan (SHINTAI SHOUGAISHA TECHO): Antas ng 1, 2 at 3
- Aklat- patnubay para sa pagpapalaki ng batang may kapansanan antas ng (RYOUIKU TECHO): A, A2 at B1

■ Sustento ng Pangangalaga (KAIGO TEATE)

Ang taong nag aalaga sa mga taong alin man sa mga sumusunod ay karapat dapat mag aplay sa sustentong ito.

- Sertipiko ng pangangalaga ay kailangan (KAIGO NINTEI): Antas 4 o 5
- Sertipiko ng grado ng pagsasarili para sa pang araw-araw na pamumuhay ng matatandang tao may demensya:
Rango IV o M
- Aklat-patnubay para sa may pisikal na kapansanan (SHINTAI SHOUGAISHA TECHO): Antas 1o 2
- Aklat -patnubay para pagalaga ng mga batang may kapansanan (RYOUIKU TECHO): Antas A
(kasama ang antas A1 at A2)

Magtanong: [FUKUSHI-KA – Welfare Division](#) (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 232 o 233)

Seguro ng para sa Pangangalaga (Nursing Care Insurance)

Ang seguro para sa pangangalaga ay isang sistema kung saan ang buong lipunan na suportahan ang mga matatandang tao kahit sila ay humantong sa pagka independiyenteng buhay at kailangan ang pangangalaga at iba pang serbisyo. Ang taong may edad 40 taon gulang o higit pa kailangan pumasok sa segurong ito at maka tanggap ng serbisyo kapag ito ay nagiging kailangan. Ang sistema ng seguro para sa pangangalaga ay gumagalaw sa paraan na ang ginagamit ay ang halaga ng binabayaran ng naka segurong tao.

	Unang Naka Segurong Tao	Pangalawang Naka Segurong Tao
Nakatala na Tao	Ang taong nasa 65 taon gulang o mahigit pa.	Ang taong nasa pagitan nang 40 at 64 na nakatala sa sistema ng segurong pangangalaga.
Taong karapat da pat na tumanggap ng serbisyo	<ul style="list-style-type: none"> ○ Ang mga taong nangangailangan ng pangangalaga dahil sila ay na sa ilalim ng malubhang kalagayan at mayroong dementia. ○ Ang taong nangangailangan ng pang araw-araw na tulong tulad ng pagbibihis at gawaing bahay. ※ Kailangan ang Sertipikasyon ng pangangalaga. 	Ang Taong na magangailangan ng pangangalaga dahil sa isa o higit pa sa 15 taon na kaugnay sa sakit na hinirang ng pambansang pamahalaan tulad ng atake, sapilitan na kondisyon o presile dementia.
Bayad sa Seguro	Ang bayad ng seguro ay hinahanda ng bayan sa ilalim ng patakaran at nakatakda sa alinsunod ng antas ng iyong kinikita.	Ang bayad sa seguro ay nakatakda ayon sa mga kalkulasyon paraan na ginagamit ng sistema ng seguro pangkalusugan kung saan ang tao nakatala
Pagbabayad ng mga kabayaran ng seguro	<ul style="list-style-type: none"> ○ Ang bayad sa seguro para sa pangangalaga ay ibinabawas mula sa pensyon na tinatanggap ng taong tumatanggap ng pensyon ng halagang ¥15.000 o higit pa sa loob ng isang buwan (subalit sa mga taong nailipat sa sistema o nakabukas lamang sa 65 taong gulang, ang pagbabawas ay ginagawa mula sa sunod na taon). ○ Ang ibang tao na hindi nabanggit sa itaas, bayaran ang seguro sa bangko dumeretso sa opisina ng bayan gamitin ang tax notice na inisyu sa kanila. 	Ang bayad ng seguro ng pangangalaga ay binabayaran kasama ng segurong pangkalusugan.
Isyu ng Kard ng seguro	Ang lahat na tao na nakapasok sa seguro may kard ng seguro.	Ang kard ng seguro ay ibibigay sa tao kung ang kaniyang aplikasyon ay natapos at ito ay ginagawa para sertipikasyon na siya ay nangangailangan ng pangangalaga.
Ang halaga na babayan ng gumagamit	10% ※ Subalit, ang bayad ng seguro pag hindi nabayaran samga sumusunod sunod na bayaran, maaring kinakailangan mong bayaran ng buo ng temporario sa mga serbisyo na tinatanggap mo o maaring tataas ang bayaran hanggang 30% .	

Magtanong: **FUKUSHI-KA – Welfare Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 233)

Buwis

Ang buwis ay binabayaran natin at bumabalik sa atin sa anyo ng mga madaling serbisyo ng Gobyerno para sa mga komportably at kaligtasan ng ating pamumuhay, tulad ng paaralan, pools, kalsada at tulay Serbisyong Bombero at Welfare Service. Ang buwis ay binabayaran ng lahat para sa pagiging meyembro ng komunidad ng pamumuhay sa tinitirhang bayan.

Buwis ng Kinikita

Ang taong nakatira sa bansang Hapon sa isang taon o higit pa ay kinakailangan bumayad ng buwis sa kinikita, na binabayaran sa pambansang pamahalaan at buwis sa tinitirhang bayan kung saan kang nakatirang bayan.

■ SHOTOKU-ZEI (Pambansang Buwis)

Ang kita sa loob ng isang taon mula ng Enero 1, hanggang Desyembre 31 ay napapailalim sa buwis na kinikita. Mayroong dalawang paraan sa pagbayad ng buwis ng kinikita.

- ① Ang sariling pagtasahan ng sistema ng buwis: Ang taong kinakalkula ang sariling halaga ng kinikita, at sariling gastos at halaga ng buwis mag file ng pagbabalik ng buwis sa opisina ng buwis sa gitna ng Febrero 16 hanggang sa Marso 15, mga sumusunod na kinakailangang bayaran ang halaga ng buwis na kailangan bayaran.
- ② Sistema ng bantiti ng buwis: Sa kaso ng mga sumusuweldo, ang kanilang taga pag-employo ang bumabawas ng halaga ng buwis sa kanilang suweldo buwan-buwan at binabayad sa opisina ng buwis sa katapusan ng taon.

■ SHIMIN-ZEI (Buwis sa tinitirhang Bayan) Municipal Tax, Prefectural Tax

Ang buwis ng tinitirahan na bayan para sa partikular taong na bayaran sa munisipyo kung saan ang taong nakatira na bayan pagkaraan ng Enero1, ng taon ay walang pagkalibre kahit ikaw ay lumipat sa ibang bayan o umalis sa Bansang Hapon pagkaraan ng Enero1. May dalawang paraan ang pagbabayad ng buwis sa tinitirhang bayan.

- ① Espesyal na koleksyon ng buwis: Sa kaso ng mga tumatanggap ng suweldo ay binabawas ng kanilang taga pag-employo ang halaga ng buwis sa kanilang suweldo buwan-buwan at saka babayaran ang halaga ng buwis sa opisina ng bayaran ng buwis sa kanilang tinitirhan bayan
- ② Pangkaraniwang Koleksyon ng Buwis: Ang buwis ay binabayaran ng 4 na beses sa loob ng isang taon sa alinsunod na kabayaran kasama ang notisya ng bayaran na ibinigay ng opisina ng bayan. Ang buwis maari din bayaran sa pinansyal institusyon, sa opisina ng Munisipyo. Magagamit din ang Automatic Bank Transfer. Makipag-alam sa pinakamalapit na pinansyal institusyon o sa opisina ng koreo para sa kinakailangang paraan.

Buwis para Propyedad

■ JIDOU SHA-ZEI – Buwis ng Sasakyan

Ang may-ari ng sasakyan na may 660cc o mas malaking makina ay napapailalim sa buwis ng sasakyan.

■ KEI-JIDOU SHA-ZEI -

Ang may-ari ng motorsiklo o mababa sa 660cc na makina ay napapailalim sa buwis ng sasakyan mag umpisa sa buwan ng Abril ng taon para sa rehistrasyon ng sasakyan, pagtatapon, o ilipat o palitan ang residential address, pakipalam sa opisina ng munipyo.

■ KOTEI-SHIZAN-ZEI - Takdang Buwis sa Ari-arian

Ang may ari ng lupa o ang taong nag patayo ng bahay ay napapailalim sa takdang buwis ng ari-arian ang base ng petsa ay Enero1 ng taon o sa pinagusapan.

Paghingi ng Sertipikasyon ng Tax / Income

Kung kailangan ang sertipikasyon sa kabayaran ng buwis (tax payment) o ang kinita (income) para sa aplikasyon ng visa o ibang pangangailangan. Makipag-ugnayan sa munisipalidad kung saan ang aplikante nakatira noong 1 ng Enero ng taon kung saan kinakailangan ang sertipikasyon.

Kapag kinakailangan tax / income ng sertipikasyon, kailangan mo ng sertipikasyon ng Alien Kard, mga personal na pagkakakilalang personal na selyo (INKAN) at kaukulang pambayad. Kung ibang tao ang gustong kumuha para sa iyo, kailangan may ipakita na sulat pang halili (letter of proxy).

Pagbabayad ng Buwis

Kahit saang bansa ka pumunta, ay kinakailangang bayaran ang buwis sa bansang iyon. Sa bansang Hapon, kapag hindi nabayaran ang buwis sa petsa ng kabayaran, magkakaroon ng dagdag sa kabayaran pagkatapos ng 20 araw na hindi ito nabayaran. Kaya dapat bayaran ang buwis sa tamang petsa. Kung lilipat sa ibang munisipalidad o tuluyan ng aalis sa bansang Hapon, siguraduhin na maisaayos muna ang pagbabayad ng buwis bago umalis sa bayan / tuluyang pag-alis sa bansang Hapon.

Huwag mag-atubili na makipag-ugnayan sa dibisyon ng pagbabayad ng buwis kung may katanungan tungkol sa buwis.

Magtanong: **ZEIMU-KA – Taxation Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 212 o 213)

Pang araw araw na Pamumuhay

Trabaho

Pagpapakilala ng Trabaho at Pagpayo

■ Naghahanap ng Trabaho

Ang opisina ng pampublikong seguridad ng trabaho ay nag papakilala ng trabaho at nagbibigay ng mga payo at mga serbisyo para sa mga taong naghahanap ng trabaho at para sa mga Hapones National at sa mga hinding Hapones National na mayroon residence status na nag pa pahintulot na mag trabaho sa bansang Hapon.

○ Hello Work Minokamo (Minokamo-shi, Fukata-cho 1-206-9) Tel: 0574-25-2178

- Oras ng Opisina – Lunes~Biyernes 8:30 ~17:15
- ※ Counseling sa portuges: Martes 8:30 ~11:30 Biyernes 10:00 ~16:00
- Araw ng walang opisina: Sabado (hindi kasama ang pangawala at pangapat na Sabado), Domingo, piyesta opisyal katapusan ng taon at bagong taon (Disyembre 29 ~Enero 3)

■ Seguro ng Trabaho (Benepisyo ng walang Trabaho)

Ang seguro sa trabaho ay binibigay ang benepisyo sa mga manggagawang nawalan ng trabaho para upang mapanatili ang kanilang estilo ng pamumuhay at maka paghanap ng panibagong trabaho.

Ang taong naka pasok sa sistema ng seguro ng trabaho ay maka tanggap ng mga benepisyo ng walang trabaho pag sila ay nawalan ng trabaho (sumasaklaw lamang sa mga taong maynais at kakayahan at naghahanap ng trabaho ang mga sumusunod na mga kondisyon ay dapat isa ayos para makatanggap ng mga benepisyo pag walang trabaho.

- Ang tao ay dapat nakatala sa sistema ng seguro ng trabaho.
- Sa mga taong bago mawalan ng trabaho ay kinakailangan naka pagtrabaho ng higit 14 na araw sa isang buwan sa loob ng 6 na buwan o higit pa.

Pabahay

Bahay pang Publiko

Sa bayan ng Sakahogi, mayroong dalawang gusali na pampublikong bahay (12 apartamentos) na magagamit ng mga taong dumaranas ng kahirapan sa pagkuha ng mababang renta. May mga kailangang kuwalipikasyon para manirahan sa apartments, at dahil sa dami ng aplikanteng residente ay pinipili o pinagpapasyahan sa pamagitan ng loterya:

- Panahon ng aplikasyon: Kapag ang kuwarto ay maging bakante.
- Kailangan ang pera: Renta: pinapasiya sa base ng kita ng residente.
Deposito: 3 buwan ng renta.

Parking fee: ¥3.000 (1 sasakyan sa bawat apartment)

Singil sa mga pangkaraniwang serbisyo: ¥1.000

- Lugar at klase ng pampublikong bahay.
Lugar: Sakahogi-cho, Katsuyama 304-3
Kwarto: 2LDK, 3DK
Kayarian: Yari sa kongkreto 3 palapag

Magtanong:

SANGYO KENSETSU-KA – Pang-Industriya Construction Division (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 252)

Pribadong Pabahay

Kung naghahanap ng pribadong paupahang bahay o apartamento pumunta sa ahente ng real istate sa lugar kung saan mong gustong tumira at sabihin mo kung anong klase ng bahay ang iyong kinakailangan (lugar, halaga at palapag) at iba pa. Ito ay inirekomenda na dalhin ang iyong sertipiko ng Alien Registration o iba pang personal na pagkilala at may kasama na taong marunong mag salita ng Haponese kung hindi ka marunong.

■ Mga puntos na dapat malaman habang nakatira sa paupahang bahay

Mayroong mga tiyak na patakaran at pamaraan na dapat tuparin habang nakatira sa paupahang bahay. Para sa lahat maging maingat tungkol sa mga sumusunod na puntos:

- ①Hindi maaaring baguhin ang iyong apartment na walang permiso sa may-ari ng apartment.
- ②Hindi maaaring paupahan o ipahiram sa ibang tao.
- ③Sapagkat madaling bumara ang paagusan ng tubig at sa banyo hindi maaring magtapon ng ibang papel maliban sa toilet paper o panlutong langis / pagkain sahugasan.
- ④Maraming gusali ng apartment na hindi papayag na mag alaga ng hayop (aso, pusa, at iba pang hayop) kailangang siguraduhin at suriin muna bago lumipat o bumili ng alagang hayop.

Koryente at Tubig

Koryente

Bago kayo lumipat at mag umpisa ng pag gamit ng koryente kailangan tumawag sa CHUBU DENRYOKU at sabihin ang pangalan, tirahan, numero ng telepono at petsa kung kailan kang magumpisa ng paggamit ng koryente.

Kapag itigil ninyo ang paggamit ng koryente tumawag sa CHUBU DENRYOKU. Sa lalong madaling panahon kailangan mong sabihin sa kanila ang iyong contact number na nakasulat sa resibo ng halaga ng koryenteng ginamit, ang pangalan, tirahan, numero ng telepono ang petsa ng planong araw ng pag alis at tirahan kung saan kayo lilipat.

* Nota

- Kapag gumamit ng mas maraming koryente kay sa kapasidad para sa iyong tahanan ang circuit breaker ay babagsak at mawalan ng koryente, kapag ito ay mangyayari patayin lahat ng de-koryenteng kagamitan at ibalik ang switch ng circuit at saka muling gagana ang koryente.
- Kapag mayroon na malaking pangyayaring lindol at sunog patayin ang lahat na de-koryenteng kagamitan.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa CHUBU DENRYOKU

Magtanong: **CHUBU DENRYOKU –Kamo Office** Tel: 0574-58-2100

Supply ng tubig / Dumi sa Imburnal

Tubig

(Kung kayo ay nakatira sa paupahang apartment o bahay)

Pagkayo ay lumipat at mag-umpisang gumamit ng tubig o kung kayo ay umalis at hindi na gagamit ng tubig tawagan muna ang may-ari ng apartment, gusali, o tagapangasiwa ng bahay. Hindi maaring gamitin ang tubig hanggang hindi pa naipaalam, ang mga kinakailangan at pamamaraan sa bayan ng Sakahogi Water Works Division. Para sa paggamit ng tubig kinakailangan na bayaran ang kahalagaan. Ang kabayaran ng tubig ay maaring bayaran ng may ari o ang aplikante (ang taong gumagamit ng tubig). Kung ang aplikante ang kailangang bumayad ang kabayaran maaring bayaran sa nakatakdang bangko o bangko de koreo, o maari din sa automatic debit transfer mula sa iyong bank account. Para sa mga karagdagang impormasyon tumawag sa Waterworks Division.

Waterwork's Division :Ang tubig na sinusuplay sa bahay ay ligtas na inumin diretso mula sa gripo.

Dumi mula sa Imburnal (Sewage)

(kung ikaw ay na ninirahan sa paupahang apartment o bahay)

Pag kayo ay lumipat at mag umpisang gamitin ang banyo (Sewage System) o lumipat at tumigil sa paggamit ng banyo tawagan muna ang may ari o nangangasiwa ng apartment o gusali. Hindi mo maaring gamitin ang banyo hanggang hindi pa naipaalam ang mga kinakailangan at pamamaraan sa bayan ng Sakahogi Waterworks Division. Para sa paggamit ng Sewage System ay kinakailangan bumayad ng kabayaran. Ang kabayaran ay maaring bayaran ng may-ari o ng aplikante (o ang taong gumagamit ng Sewage System) kung ang aplikante ang dapat bumayad, ang kabayaran ay dapat bumayad sa nakatakdang bangko o bangko de koreo maari din sa automatic debit transfer mula sa iyong bank account..

Pagtatanong: **SUIDOU-KA – Waterworks Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 243 o 244)

Basura at Recycling

Siguraduhin na ihiwalay ang basura at itapon ng tama at pagsikapan na mabawasan ang dami ng basura at recycle.

☉ Mga patakaran sa pagtapon ng basura:

- ① Itapon ang basura ng alas 8:00 ng umaga sa araw ng tapunan.
- ② Hiwalayin ang basura at ilagay sa bawat kategorya ng basura.
- ③ Sa takdang bag ng basura.
- ④ Sa takdang lugar ng tapunan.

✳ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa araw ng koleksyon ng basura ang paraan ng paghiwalay at ang malaking basura, makipag-ugnayan sa Residents Division.

☉ Ang basura na hindi kinokolekta

1) Ang mga bagay na kung saan ay ang Electric Appliance Recycling Law tukoy sa (TV set, washing machine, refrigerators, air conditioners), pesticides, aktibong bawal na gamot, lason, langis at pintura, pamatay ng apoy, goma, gas canisters, motoksiklo, bisikleta at baterya.

→ Dalhin sa tindahan ang mga bagay bung saan mo binili para itapon.

2) Mga bagay na panggusali ginamit para pagpatayo ng bahay, karugtong o pag kukumpuni.

→ Ang konstoraktor ng gusali ang magtapon ng mga natirang gamit.

3) Malaki at marami tulad ng pag lumipat ng bahay at paggupit ng mga puno.

→ Depende sa klase ng basura dalhin ang basura direktso sa SASAYURI CLEAN PARK ng Kani City.

○ **SASAYURI CLEAN PARK**

Kani-shi, Shuga 839 Tel: 0574-65-4111

4) Mga basura na may kaalaman sa negosyo, nanggaling sa tindahan, kompanya, opisina galing sa mga gawaing pang negosyo.

→ Ang mamahala ang may responsable sa pag tapon ng basura.

Pagtatanong: **JUMIN-KA – Residents Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 222)

Trapiko

Sa bansang Hapon ang mga daan ay makitid, at kapwang mahaba ang trapiko ng sasakyan at mga taong tumatawid kaya maraming aksidente na nangyayari sa mga taong galing sa ibang bansa, ang patakaran ng trapiko ay iba sa kanilang bansa, kailangang mag-ingat habang lumalakad sa daan o habang nag mamaneho ng sasakyan.

Sa bansang Hapon ang lahat na sasakyan kasama ang kotse, motorsiklo at bisikleta ay minamaneho sa kaliwang bahagi ng daan alinsunod sa mga palatandaan ng trapiko. Kapag naglalakbay sa isang kotse seguraduhin na ang sinturon pang kaligtasan ay naka sara ng maayos at isuot ang helmet kapag nakasakay sa motorsiklo. Laging magmaneho sa loob ng limitasyon ng bilis, paalaala mayroon mahigpit na mga parusa para mga nagmamaneho ng sasakyan, motorsiklo at bisikleta pagkatapos uminom ng inuming alkohol.

Lisensiya sa Pagmaneho

Ang bansang Hapon isa sa mga 90 bansa na kang saan puedeng magmaneho ang mga dayuhan kung mayroong Lisensiya na balidong Internasyonal. Ang Lisensiya ng Internasyonal ay may balido ng isang taon mula sa petsa ng isyu, subalit maari kang makakuha ng Japanese Driver's License kung mayroon ka mang lisensiya na balido sa iyong bansa.

■ Aplikasyon sa Pagbabago

Ang taong may lisensiya sa pagmaneho na balido sa ibang bansa (sariling bansa) at tumira ng 3 tatlong buwan o higit pagkatapos inisyu ang lisensiya ng pagmaneho at kung sino mang kinikilalang mayroong wastong kakayahan at kaalaman sa pagmaneho ng sasakyan (tinutukoy sa paraan ng pagsulat at praktikal na pagsusuri) maaring mag aplay para makakuha ng lisensiya sa pagmaneho ng Hapones).

■ Ang mga Kinakailangan:

- 1) Lisensiya sa pagmamaneho na may balido sa ibang bansa (sariling bansa ng aplikante)
- 2) Ang translasyon ng lisensiya sa pagmaneho sa ibang bansa na handa ng ahensiya ng pamahalaan o embahada o konsulado ng ibang bansa sa Hapon, o Japan Automobile Federation (JAF).
- 3) Ang iyong Pasaporte (kasama ang pahina na may ebidensya na tumira ng tatlong buwan sa bansa para kung saan na ang lisensiya ay balido kung tumira ka ng 3 buwan o higit pa pagkatapos inisyu ang lisensiya sa pagmaneho).
- 4) Sertipikasyon ng Alien Registration (GAIKOKUJIN TOUROKU SHOUMEISHO)
- 5) Maliwanag na litrato ng iyong ulo at balik at kinuha sa loob ng anim na buwan (walang sumbrero, nakatingin sa harap, ulo at balik ay kita, itim at puti o de kolor. Sukat 3X2.5cm)
- 6) Bayad ng Aplikasyon: ¥2.800

■ Pagsusuri

Suri sa pagsulat (maaring makuha sa English, Insik, Portuges, Español, Korean o Persian)

Ang taong mayroong balido na lisensiya sa pagmaneho isa sa mga sumusunod na 20 bansa ay hindi na kinakailangan kumuha ng suri pagsulat o praktikal (dokumentaryong pagsusuri lamang).

Australia, Belgium, Denmark, Finland, Pranses, Alemanya, The United Kingdom, Greece, Italya, Iceland, Ireland, Luxemburg, The Netherlands, New Zeland, Norway, Portugal, Espanya, Sweden, Switzerland, Austria

■ Paunang Reserbasyon

Kinakailangan mag pareserba ng maaga kapag mag entrega ng aplikasyon.

Gifu Prefectural Driver and Vehicle Licensing Centre (Gifu-shi, Mitabora-Higashi 1-22-8, Tel: 058-237-3376)

■ Kapag ang tirahan at pangalan ay bumago, paki ugnay sa pinaka malapit na istasyon ng pulisiya para mabago ang tirahan at pangalan ng iyong lisensiya sa pagmaneho.

Magtanong: **Kamo Police Station**, Traffic Section: Tel. 0574-25-0110

Aksidente sa Trapiko

■ Kapag ikaw ay makatagpo ng aksidente sa trapiko

① I hinto ang sasakyan sa ligtas na lugar patayin ang makina (para maiwasan ang pangalawang aksidente sa mga dumarating na sasakyan sa iyong likuran).

② Tulungan ang mga taong nasugatan.

(Kapag ang taong may mababaw na sugat, dalhin sa ligtas na lugar. Pag sila ay walang malay o dinudugo ng malakas hindi sila dapat ilipat. Ipatupad ang pang-emerhensya na panukalang batas tulad ng pag patigil ng dugo at tumawag ng ambulansya sa lalong madaling oras).

③ Ipaalam sa Pulisya.

(Pag kailangan ang ambulansya, sabihin sa pulis pag ikaw ay tumawag sa (110) at sila na ang tatawag ng serbisyo ng ambulansiya para sa iyo.

■ Payo tungkol sa Aksidente sa Trapiko

Ikaw ay maaring makatanggap ng libreng payo galing sa espesyalista ng ibat ibang mga isyu buhat ng aksidente sa trapiko (kabayaran ng mga pinsala, pamaraan ng pakikipag ayos at iba pa).

Traffic Accident Counseling Office, Kamo Police Station Traffic Section

Minokamo-shi, Kobi-cho, Shimo-Kobi 2610-1 Tel: 0574-25-0110

Trains

Tiyakin ang pangalan ng istasyon na gusto mong puntahan at pamasaha sa ruta ng mapa ng istasyon at bumili ng iyong tiket sa awtomatikong vending machine o sa takilya. Kapag ikaw ay sumakay o bumaba ng train pumunta sa awtomatikong tiket gates o sa gate ng pinapatakbo ng mga tauhan ng istasyon. Subalit pag walang tauhan ang istasyon ng Sakahogi ayusin ang bayad ng ticket sa loob ng train o sa iyong destinasyon.

Ang biyahe para sa ordinaryong train bayaran ang panimulang pamasaha. Para sa paglalakbay sa shinkansen (bullet) train, express train, reserbadong upuan at sleeping cars ay hiwalay ang bayad. Magtanong sa istasyon ng train para sa karag dagang detalye.

Magtanong: **Central Japan Railway Company (JR TOKAI), Tel Center/Service Inquiries Office** Tel: 050-3772-3910

Opisinang Koreo at Institusyon Pinansiyal

Ang opisina ng koreo ay hindi lamang serbisyo pang koreo tulad ng magpadala ng pakete, nakalimbag na mga materyal, ekspres na sulat, elektronikong sulat, ang pag babangko at serbisyo ng seguro, maari kang mag pagawa ng account deposits, magpadala ng pera padaan sa transfer payment at mga bayad ng mg kabayaran ng pampublikong kagamitan sa opisina ng koreo. Mga selyo at post card ay makabili hindi lamang sa opisina ng koreo kungdi sa tindahan na may tanghal ng 〒 marka ng postal.

Mga Sulat para Internasyonal

Ang sulat para Internasyonal ay maaring ipadala sa pamagitan ng tatlong paraan. Air mail, Sea mail, at SAL. Ang presyo ng bawat serbisyo ay naiiba depende sa timbang ng pakete at destinasyon ng papadalhan. Tungkol sa bilis ng paghahatid, ang air mail ay karaniwan tumatagal sa pagitan ng 3 hanggang 9 na araw bago dumating, ang SAL sa pagitan ng 2 at 4 na linggo at ang sea mail ay 10 at 80 na araw.

Pag nag padala ng sulat ayon sa airmail sulatan ng alin man "AIR MAIL" o "PAR AVION" sa tapat ng sulat / pakete. Ang ibang mga Internasyonal Serbisyo ng postal kasali ang Internasyonal express Mail Service (EMS),

Kung alin man nagbibigay ng kakayahan sa paghahatid ng sulat sa mga pangunahing lungsod ng 1 o 2 araw at napaka kombenyente para mag padala ng mga minamadaliang dokumento ng negosyo o pakete, Internasyonal Electronic Mail (Internacional Lettax), nagbibigay ng kakayahan sa parehong araw sa paghatid ng mga mensahe sa mga pangurahing lungsod sa buong mundo.

■ **Sakahogi Post Office** Sakahogi Town Torikumi 419-1 Tel: 0574-26-7542

■ **Minokamo Post Office** Minokamo shi, Ota-cho 2169-2

Postal Services Section Tel: 0574-26-0735 Banking Officer, Banking Insurance Section Tel: 0574-25-2279

Institusyon Pinansyal

Maari kang magpagawa ng account deposit, mag padala ng pera padaan sa transfer payment at mga bayad ng kabayaran ng mga kagamitan pang publiko at Pinansyal Institusyon. Maari kang tumanggap o mag padala ng pera paraan ng Internasyonal Money Transfer. Kapag ikaw ay mag bukas ng ordinaryong savings account, kailangan mong dalhin ang iyong pasport, sertipiko ng Alien registration at personal na selyo. Kapag ikaw nag pagawa ng cash card, puede kang mag deposito at mag labas ng pera sa Automatic teller Machine (ATM) pati narin at makagawa ng transfer payments.

Oras ng Pinansyal Institusyon: 9:00 ~ 15:00 Lunes hanggang Biyernes. Oras ng ATM naiiba sa bawat institusyon.

Ang mga sumunod na Pinansyal Institusyon ay matagpuan malapit sa Bayan ng Sakahogi:

○ **JA Megumino –Sakahogi Sangay** Tel: 0574-26-7101 **Sakahogi Kita Sangay** Tel: 0574-28-1235

○ **Juroku Bank –Minokamo Sangay** Tel: 0574-26-0161

○ **Ogaki Kyoritsu Bank–Minokamo Sangay** Tel: 0574-25-2108

○ **Tono Shinkin Bank –Minokamo Sangay** Tel: 0574-25-3145 **Yamate Sangay** Tel: 0574-27-1151

○ **Gifu Bank –Minokamo Sangay** Tel: 0574-25-2195

○ **Gifu Shinkin Bank–Minokamo Sangay** Tel: 0574-27-2511

○ **Gifu Shoko Shinkin Bank –Minokamo Sangay** Tel: 0574-26-3255

○ **Tokai Worker's Credit Union –Minokamo Sangay** Tel: 0120-608623

Serbisyo sa Bata

Mula sa pagbubuntis hanggang sa pag-alaga ng bata

Pagbubuntis

Pag kinumpirma ng hospital na ikaw ay buntis, bibigyan ka ng porma ng notipikasyon sa pagbubuntis at kailangan, ipasa sa Health Center. At bibigyan ka ng Aklat-patnubay sa maternal at kalusugan ng bata, mayroon din aklat patnubay nasa wikang banyaga kaya magtanong sa Health Center pagkailangan mo maliban sa Wikang Haponese.

Pagsusuri para sa Kalusugan ng mga Magiging Ina

Ikaw ay makakanggap ng subsidy kupon para sa General ng pagsiyasat ng kalusugan sa mga magiging ina kapag ikaw ay na isyuhan ng Maternal and Child Health Handbook (Aklat Patnubay).

Pagsusuri para sa Kalusugan ng mga Sanggol at Bata

■ Pagsusuri sa kalusugan ng (sanggol idad 3 ~4 nabuwan at 9~10 buwan).

Ang abiso para sa pagsusuri ay ipapadala sa bawat isa kaugnay na mga pamilya, ang pagpapasuri ay libre sa Health Center.

■ Pagsusuri sa kalusugan sa 18 na buwan at 3 taon, ang abiso ay ipadala sa bawat isa sa kaugnay na mga pamilya, ang pagsusuri ay isinasagawa sa Health Center.

Ang pagbisita sa bahay ng Sanggol

Kapag ang sanggol ay humigit-kumulang ng dalawang buwan ang edad ang manggagawa ng Health Center ay dadalaw sa bahay ng sanggol para siyasatin ang paglaki at pag-unlad ng bata at sagutin ang mga anumang katanungan at mga alalahanin ng ina kung mayroon.

Konsultasyon para sa Pag-alaga ng Sanggol

Serbisyo ng konsulta tungkol sa pagpalaki ng sanggol, pagkain at iba pang mga isyu ay makukuha sa Health Center.

Pagbabakuna

Ang bakuna laban sa mga nakakahawa na mga sakit ay mahalaga sa kalusugan ng sanggol, ang mga sumusunod na bakuna ay libre. Siguraduhin na ang iyong anak na ma bakunahan pagdating sa wastong edad.

◇ BCG (tuberculosis), Polio (acute poliomyelitis), DPT (diphtheria, pertussis, tetanus), measles-rubella vaccine, Japanese encephalitis.

Magtanong: **HOKEN CENTER – Health Center** (1F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 122)

Tulong Pinansyal / Tulong sa mga Bata

Ang sino mang tao na nagparehistro bilang dayuhang residente sa bayan ng Sakahogi ay may karapatang tumanggap ng mga sumusunod na tulong pinansyal.

Tulong Pinansyal sa Bata

Ang mga taong nangangalaga sa mga bata sa edad ng 12 taon pababa ay may karapatang tumanggap ng tulong pinansyal subalit, kung ang nangangalaga ay masyadong mataas ang kinikita, maaaring walang makuha sa tulong pinansyal.

Tulong Pinansyal para sa Pag-aalaga ng Bata

Ang ina ng bata o tagapag-alaga ng bata ng edad 18 taon pababa na hindi kasama ang ama ng bata dahil sa diborsyo, pagkamatay ng ama o pag-iwan ng ama sa bata ay may karapatan sa tulong pinansyal. Subalit, kung ang taong nangangalaga ay masyadong mataas ang kinikita, maaring walang makuha sa tulong pinansyal.

Mga Hakbang sa Pagbaba ng Bilang ng Kapanganakan

Ang mga magulang na nagka-anak at nag-aalaga ng tatlo o mahigit pang anak at nakatira sa bayan ng Sakahogi sa loob ng isang taon o higit pa ay makakatanggap ng mga sumusunod na tulong pinansyal.

■ Direktang Tulong sa Pag-aalaga ng Bata

Ang mga magulang na may tatlo o higit pang mga anak ay maka-katanggap ng kaukulang tulong pinansyal ng kanilang itinalagang bank account apat na beses sa isang taon sa kalahati ng nursery school o sa kindergarten na bayarin para sa ikatlo o susunod pang bata.

■ School Preparatory Allowance

Ang mga magulang na may tatlo o higit pang mga anak ay maka- katanggap ng kaukulang tulong pinansyal ng kanilang itinalagang bank account sa buwan ng Mayo sa ikatlong bahagi ng Welfare Benefit Standard School Preparatory Allowance (kabuwang tulong pinansyal) kung ang pangatlo o ang sumunod na bata ay papasok sa unang grado ng elementary sa bayan ng Sakahogi.

Magtanong: [FUKUSHI-KA – Welfare Division](#) (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 234)

Tulong Pinansyal para sa Pangkalusugan ng Bata

Ang bata na may edad 15 taon pababa ay maka-katanggap ng tulong pinansyal sa Medical care kapag sila ay nag pagamot sa alinwang pasilidad ng medisina.

○ Mga kailangan sa aplikasyon

- ① Health Insurance Kard ng bata
- ② Personal na selyo (INKAN)
- ③ Libreta ng banko

Tulong Pinansyal Pangkalusugan sa solong pagpapalaki ng Anak

Ang solong pagpapalaki ng mga bata ng may edad 18 taon pababa (kasama hanggang 31 ng Marso ng taon kung saan ang bata ay nagka edad ng 18 taon) ay maka-katanggap ng tulong pinansyal para sa Out-of-Pocket ng binayaran kapag nakatanggap ng Medical Treatment sa ilalim ng Health Insurance System.

Magtanong: [JUMIN-KA – Residents Divisions](#) (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 224)

Pangangalaga ng Bata

Nursery School

Ang nursery school ay nagbibigay ng pangangalaga ng bata para sa mga preschool-aged na mga batang, ang mga magulang ay hindi makapag-alaga sa kanila dahil nagtatrabaho sa araw o may sakit.

◆ Pinansyal para sa Pangangalaga ng Bata (Child care fees)

Pinansyal para sa pangangalaga ng bata tinutukuy batay sa gulang ng bata at sa halaga na binabayaran na buwis ng mga magulang o taga pag-alaga sa nakaraang piskal na taon.

◆ Pag-aaplay

Mag aplay sa pinansyal ng pangangalaga ng bata sa Town Office Welfare Division. Ipaliwanag namin sa iyo ang mga kinakailangan na dokumentos at saka kung paano lagdaan ang mga ito pati narin ang mga pamamaraan ng aplikasyon.

◆ Serbisyo para sa Nursery School

① Pangangalaga ng sanggol: Pangangalaga para sa sanggol gulang mula sa 6 na buwan pataas.

② Pinapahaba-ang pangangalaga ng bata: Kung ang mga magulang o taga pag-alaga ay hindi maka pagsundo sa kanilang mga anak sa normal na oras ng pangangalaga ng bata dahil sa kanilang trabaho, ay maaring pahaba-an ang pangangalaga.

③ Pandaliang pangangalaga ng bata: Sa mga pangyayaring ang pag-aalaga ng bata sa bahay ay may kahirapan sa panandalian dahil ang magulang o tagapag-alaga ay nagkasakit o sa isang kapinsalaan ang panandaliang pangangalaga ng bata ay maaring makakuha para gumaan ang pasanin ng magulang o tagapag-alaga. .

④ Suporta sa pag-palaki ng bata: Humingi ng payo o at mga impormasyon tungkol sa pagpalaki at pangangalaga ng bata ito ay binibigay sa mga pamilya na nagpapalaki ng bata sa bahay.

◆ Iba pang mga puntos na dapat kuhanan ng nota

Siguraduhin na ipaalam sa Nursery School pag ang iyong pamilya ay lumipat sa labas ng bayan Sakahogi o aalis sa Hapon ng permanente.

◆ Nursery School sa bayan ng Sakahogi

May dalawang privadong Nursery School na pinamahalaan sa bayan ng Sakahogi. Ang kanilang pangangalaga ng bata ay magkaiba ang oras at mga programa kaya tumawag sa bawat isang Nursery School tungkol sa mga impormasyon.

○ Sakahogi Nursery School (SAKAHOGI HOIKUEN)

Sakahogi-cho, Torikumi 435-1 Tel: 0574-26-7366

○ Yuyu Nursery School (YUYU HOIKUEN)

Sakahogi-cho, Kuroiwa 583-2 Tel: 0574-26-7781

Magtanong: **FUKUSHI-KA – Welfare Division** (2F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 234)

Pag-aaral sa Paaralan

Sistema ng Edukasyon sa Hapon


Ang sistema ng edukasyon sa Hapon ay karaniwang binubuo ng 6 na taon sa elementarya (Sho-Gakko), 3 taon sa sekondarya (Chu-Gakko), 3 taon sa Senior High School (Ko-Ko) at 4 na taon sa unibersidad. Ang mga pa-aralan ay parehong pampubliko o pribado ay pinamamahalaan ng institusyong pang-edukasyon. Ang Junior na kolehiyo ay (2~3 tatlong taon) teknikal na kolehiyo (5 taon) at iba pang mga bokasyonal na paaralan ay mayroon din.

Ang mga Japanese National ay kinakailangang pumasok sa elementarya at sekondarya sa edad ng (6~15) taong gulang bilang sapilitang edukasyon. Sa kaso ng hindi Japanese Nationals ang pagpasok sa paaralan ay hindi sapilitan. Subalit ang mga hinding Japanese National na nakatira sa Hapon na angkop sa gulang ay maaring pumasok sa elementarya at sekondarya (Sho-Gakko, Chu-Gakko) kung ninanais. Ang aplikasyon ay maaring gawin sa munisipyo ng lupon ng mga pag-aaral (Municipal Board of Education) kung saan ang tao nakarehistro bilang isang dayuhang residente.

Ang (Ko-Ko) mataas na paaralan na edukasyon ay hindi sapilitan. Naayon sa punong-guro ng bawat mataas na paaralan, payagan ang bawat mag-aaral na maka pasok batay sa kakayahan ng aplikante at sa kakayahan sa akademiko at kilos. Ang bayad sa pagtuturo ay dapat din bayaran. Upang maging karapat dapat para makapasok sa mataas na paaralan, ang aplikante ay kailangan nakatapos ng Junior High School (Chu-Gakko) o nakompleto ang 9 na taon ang pormal na pang-edukasyon sa ibang bansa.

Ang tersyaryong institusyon pang edukasyon sa Hapon ay nagbibigay ng karagdagang edukasyon para sa mag-aaral na nakakompleto ng 12 taon, primarya, sekondaryang edukasyon at kasama ang unibersidad, junior college, bokasyonal colleges (propesyonal nakurso) at iba pang klase ng paaralan.

Sistema ng Japanese School



Kindergarten

Ang kindergarten ay nagbibigay ng pag-aaral para sa mga bata na mababa ang gulang na hindi pa maaring makapasok sa paaralan (Preschool aged 3~5).

◆ Gastos:

- 1) Ang bayad sa pag-aalaga ng bata, mga gamit pang-edukasyon at pananghalian ay binabayaran buwan buwan.
- 2) At iba pang gastos: Pag pasok sa kindergarten unipome mga kagamitan pang edukasyon, kailangan bumili.

◆ Mga araw ng pasukan (Kindergarten Days)

Lunes ~Biyernes: 3 tuntunin sa bawat taon at may walang pasukan bawat tuntunin.

◆ Pag aplay: Pumunta sa sakahogi kindergarten dalhin ang sertipiko ng alien registration ng iyong anak. Kung may iba pang lugar na pinapasukan, maari din sa bahagi ng pagitan ng taon.

Elementarya / Junior High School (Sho-Gakko / Chu-Gakko)

Bagaman ang mga batang dayuhang mamayan ay hindi na kinakailangan na pumasok sa paaralan ng Elementarya / Junior School sa Hapon. Subalit inirekomenda namin ang mga bata na pumasok sa paaralan alang-alang sa kahalagaan ng edukasyon at kinabukasan ng mga bata.

Sa bayan ng Sakahogi ay may isang elementarya at isang Junior High School. Mayroong espesyal na mga disenyong klase upang matulungan ang mga mag-aaral na hindi Japanese National upang maging bihasa sa wikang Hapon at pamumuhay at kostumbre.

◆ Gastos:

Ang matrikula at libro ay libre, subalit ang pananghalian at mga gamit sa paaralan kailangan bayaran. Subalit mayroon mga tulong para sa mga pamilya na hindi makapasok sa paaralan dahil sa mahirap na ekonomiya at matugunan ang mga pambansang pamantayan ng pamahalaan.

◆ Araw ng Pasukan:

Lunes~Biyernes 3 tuntunin sa bawat taon at walang pasok sa bawat tuntunin.

◆ Pag aplay:

Para mapag usapan ang pagpasok sa paaralan at maisagawa ang mga pamamaraan ng pag palista pumunta sa Sakahogi Board of Education's School Education Officer dalhin ang sertipiko ng Alien Registration ng iyong anak.

At Iba pang mga pasilidad ng Edukasyon

《Pang bahay na edukasyon para sa maagang kabataan》

◆ Mga target na kalahok: Mga maliliit na bata, gulang magsimula sa bagong silang hanggang sa dalawang taon (Ang klase bawat sa antas ng edad)

◆ Ang layunin ng programa:Ang layunin ng programa ay matulungan ang mga magulang o taga pag-alaga sa pagkuha ng tamang paunawa sa mga ibat-ibang yugto ng pag unlad ng mga maagang pagkabata at malaman ang mga paraan. Sa pag palaki at mapalalim ang maging magka-ibigan sa pagitan ng mga kalahok.

◆ Iskedyul ng Programa:

Klase sa mga bagong panganak: Isang beses sa

Sa isang huwebes ng buwan simulang Septembre hanggang Febrero.

Klase para sa isang taong gulang: Isang beses sa isang Biyernes ng buwan simula ng Abril hanggang Febrero.

◆ Lugar: Sakahogi Town Central Community Center (SAKAHOGI CHUO KOUMINKAN)

◆ Bayad sa pakikipagsali: Bayad sa klase ¥500, bayad sa aktibidad ¥500

《Kid's Dream World》

Ito ay silid-aralan ng bayan ng Sakahogi sa mga bata na ang layunin ay mabigyan ng ligtas na lugar at seguridad na lugar para sa gawaing komunidad at palitan. Kahit sinong mga mag-aaral ng Elementarya sa bayan ng Sakahogi ay makalahok.

◆ Araw at Oras ng Programa

Karaniwang Araw: Marso~Oktubre 14:00 ~18:00

Nobyembre~Febrero 14:00 ~17:30

Sabado: Ang mga klase ukol sa mga gawaing kamay ay ibinibigay ng ilang beses sa bawat taon at sa panahon na mahaba ang bakasyon.

◆ Bayad ng Paglahok:

Taunang bayad para sa pagiging kasapi: ¥2.000 ※Mayroon din opsyonal sports insurance.

◆ Mga Gawain

Sa pangkaraniwang araw may sumusunod na pag-aaral at pagbabasa at ang mga bata makapaglaro ng malaya, mag-alihw sa mga kuwento, palaro o mga gawaing kamay. Pag Sabado at mahabang bakasyon ang mga batang nakilahok ukol sa mga gawaing kamay ang tutulong sa klase ay pinangungunahan ng pagtuturo mula sa lokal na komunidad.

◆ Mga iba pang puntos na dapat tandaan

① Mga magulang o taga pag-alaga o meyembro ng pamilya (Matatanda) kailangan makilahok sa suporta sa mga gawain tatlong beses o higit pa sa isang taon..

② Mga magulang o taga pag-alaga o meyembro ng pamilya (matatanda) kailangan sunduin ang mga bata sa Kid's Dream World.

《Central Community Center Library》

◆ Bukas na Oras: 9:00 ~ 17:00

◆ Lugar: 1F, Sakahogi Town Central Community Center

◆ Sarado: Pyesta opisyal, katapusan/bagong taon

◆ Habang ng Pahiram: Hanggang dalawang linggo

Pagtatanong: **KYOUIKU JOUINKAI – Board of Education** 1F, Central Community Center) Tel: 0574-26-7151

At iba pa

Sa kalapit na ciudad Minokamo mayroon na aprobahan ng Gobyerno ng Brazil na personal na pinamamahalaan na paaralan na nagbibigay ng Edukasyong Brazil. Ang pagtuturo ay mayroong bayad.

○ **Brazilian School** (Minokamo-shi, Ota-cho 1750-1, Noritake Dai 2 building.)

Tel: 0574-24-1445

E-mail: sebs@brazilianschool.jp URL: www.brazilianschool.jp

◆ Araw ng Pasukan:

Lunes ~Biyernes Elementarya/High School Students: 7:45 ~ 11:30

Junior High School Students: 13:30 ~ 17:30

◆ Bayad sa Pagtuturo (Tuition Fees):

¥25.000 ~ ¥30.000/bawat buwan (Mayroon School Bus)

◆ Ati ba pa

Mayroon din klase para sa mga preschool aged na mga bata.

Entertainment

Kaganapan

Sa bayan ng Sakahogi mayroon pangunahing kaganapan na ginaganap tuwing taon ng tag-init at tag-lagas (Summer / Autumn). Ang mga residente at mga opisyal ng bayan nakipagbahagi ng mga ideya at pagpapatakbo ng mga kaganapan na ito, at taon taon ay dumadami ang nakikipagdalo. Ang mga dayuhang mamamayan din ay malugod na tinatanggap na makipag bahagi.

SAKAHOGI MATSURI (Sakahogi Pyesta)

Petsa: Huling sabado ng Hulyo bawat taon.

Lugar: Sa paligid ng Elementarya ng Sakahogi at sa dike ng ilog kiso sa bahaging timog ng paaralan.

Mga pangunahing palabas: Fireworks display (Humigit-kumulang ng 6000 na fireworks), bazars at iba pang mga palabas sa entablado.

CHOMIN MATSURI (Mga Pagdiriwang ng mga Mamamayan)

Petsa: Pangatlong linggo ng buwan ng Nobyembre bawat taon

Lugar: Sakahogi Town Central Community Center (SAKAHOGI CHUO KOUMINKAN)

Mga pangunahing kaganapan: Bazars, mga ibat ibang palabas sa entablado, display, libreng TONJIRU na sopas (Pork and Vegetable Soup) at iba pa.

Pagtatanong: **KIKAKU-KA – Planning Division** (3F, Town Hall) Tel: 0574-26-7111(extension 322)

KOUMINKAN MATSURI (Community Center Festival)

Petsa: Pangalawang Sabado ng Marso bawat taon.

Lugar: Sakahogi Town Central Community Center (SAKAHOGI CHUO KOUMINKAN)

Mga pangunahing palabas: Lektura, mga grupo, klub, pagtatanghal ng mga resulta ng pag-aaral kaugnay sa organisasyon, art kraft display, palabas sa entablado, mga gawaing kamay, espesyal na lektura suporta ng komunidad, palitan ng gawain at iba pa.

※ Palitang gawain ng mga dayuhang mamamayan ay ginaganap din.

Pagtatanong: **KYOUIKU JOUINKAI – Board of Education** (1F, Central Community Center) Tel: 0574-26-7151

Kung Sakaling may Emerhensya...

Numero ng Telepono ng Emerhensya

Mayroong dalawang klase ng telepono pang emerhensya.

110

(Polisya)

Sa kaso ng pagnanakaw krimen,
aksidente sa trapiko at iba pa.

119

(Kagawaran ng sunog
Ambulansya)

Sa kaso ng sunog emerhensyang
sakit, malubhang sugat at iba pa

Pag ikaw ay tumawag sa telepono huminahon at magsalita ng dahan dahan. Pag hindi mo alam ang iyong lugar, sabihin mo sa operator ang pinakamalapit na gusali iyan ang maaring maging isang palatandaan. Kung hindi mo maipaliwanag sa salitang Haponesse maki usap ka sa mga kaibigang marunong o kung sino ang malapit sa iyo para makatawag sa telepono para sa iyo.

Kung ikaw ay tumatawag sa mobile phone siguraduhin mong sabihin sa operator ang pangalan ng lugar kung saan ka tumatawag at huwag kang umalis sa lugar. Magsalita ng malakas na tinig. Kahit tapos na ang tawag, huwag mong patayin ang mobile phone.

Ang mga numero 110 at 119 na ito ay para lang sa emerhensya. Huwag kang tumawag para lang humingi ng payo o magtanong.

110 Pagnanakaw, Krimen, Aksidente sa Trapiko

Tumawag sa polis (110) sa kaso ng emerhensyang pangyayari o aksidente.

«Mga puntos na dapat sabihin kapag tumawag sa 110»

- ① Ano ang nangyari ? (Aksidente sa trapiko, magnanakaw, at iba pa).
- ② Na saan ka? (Ano ang malapit na palatandaang lugar?)
- ③ Kailan ba nangyari?
- ④ Sino ang may kagawa-an?
- ⑤ Ano ba ang nangyayari ngayon?
- ⑥ Ano ang pangalan mo, tirahan, numero ng telepono? (pangalan, tirahan, numero ng telepono ng biktima, may kagawa-an at ang saksi)

119 Sunog (Bombero), malubhang sugat, biglang sakit, (ambulansya)

Kailan nangyari ang sunog

1) Ireport ang sunog

Sa una sumigaw ng “KAJI DA! para malaman ng paligid na may sunog at humingi ng saklolo sa kanila. Sunod tumawag sa kagawaran ng sunog (119).

«Mga puntos dapat sabihin pag tumawag sa 119 sa kaso ng sunog»

- ① Sunog ba o emehensya?
- ② Saan ang tirahan? Pinakamalapit na palatandaan ng lugar.
- ③ Ano ba ang na sunog?
- ④ Mayroon bang nasugatan o mayroon hindi nakatakas?
- ⑤ Ano ang pangalan mo at numero ng telepono?

2) Gumawa ng kakayahan na pawiin ang apoy o kalamanan ng apoy.

Hanggang sa dumating ang bombero, gumamit ng tubig o pangpatay ng apoy para mapawi ang apoy kaagad-agad..

○ Paano gumamit ng pamatay ng apoy.

- ① Hilahin ang safety pin.
- ② Itapat ang hose patungo sa pinagmulan ng apoy..
- ③ Hawakan ang leber ng matatag at spray ng pamatay-apoy (fire extinguisher).

*Kung ang panlutong manteka ay nadakip ng apoy sa kawali, patayin ang gas muna at pawiin ang apoy, takipan ng basang tuwalya ang kawali. Ang pagtangkang pawiin ang apoy ng tubig ay mapanganib. Katulad ng oil heater o mga kagamitan na dekoryente pag nakapitan ng apoy, ay may panganib na ang apoy ay tumindi o maari kang makoryente, kung tangkain mo ang apoy pawiin ng tubig.

3) Lumikas (Evacuate)

Bagaman ang pagtangkang pawiin ang apoy ay napaka importante, ngunit kung ang apoy ay umabot na sa kisame huwag ng tumangka na pawiin ang apoy umalis na kaagad. Para maiwasan ang paghinga ng lason na usok, bago mapuno ng usok ang silid, lumipat kaagad sa ligtas na lugar, umingat at gawin ang mga sumusunod na puntos..

- ① Takipan ang iyong ilong at bunganga ng basang tela..
- ② Ibaba ang katawan at tumakas ng naka gapang sa sahig (kung ang silid ay na puno ng usok simula sa kisame hanggang sahig)

Kapag ang isang tao ay malubha ang sakit o nasugatan

Sa kaso ng emerhensya na biglang sakit o nasugatan dahil sa aksidente, sa pagawaran ng bombero, (Fire Department) (119) tumawag ng ambulansya.

Mga puntos dapat sabihin pag tumawag sa 119 sa kaso ng emerhensya.

- ① Sunog ba o emerhensya?
- ② Saan ang tirahan at lokasyon? (Ano ang pinaka malapit na patandaang lugar?)
- ③ Ano ba ang nangyari (Malubhang sakit, aksidente o nasugatan?)
- ④ Ano ang kondisyon ng taong may sakit / nasugatan?
- ⑤ Ano ang pangalan, gulang, kasarian ng taong may sakit o nasugatan?
- ⑥ Ano ang iyong pangalan at numero ng telepono?

Bago dumating ang ambulansya ay siguraduhin mong ihanda at dalhin ang pera at kard ng seguro ng kalusugan ng taong may sakit o nasugatan. Pag narinig ang serena ng ambulansya, lumabas sa labas at gabayan ang ambulansya sa taong may sakit o nasugatan.

○ Paano gumamit ng telepono pang publiko pag may emerhensya

- ① Damputin ang receiver.
- ② Pindutin ang pula na pindutan pang emerhensya.
- ③ Pindutin ang alinman 110 (Pulis) o 119 kagawaran ng sunog (Fire Department)..

Parehong 110 at 119 ay walang bayad na mga numero, hindi na kailangan ang pera kung tumawag sa emerhensya.

Sa kaso ng pulang telepono na kailangan ang barya, magtanong sa tauhan ng tindahan kung saan ang telepono na kailangan mong tumawag ng emerhensya.

Kalamidad

Kalamidad at Klima ng Hapon

Kapaligiran

[TSUYU – Tag-ulan] ... Sa Hapon ay umuulan ng madalas sa buwan ng Hunyo at Hulyo. Naisalokal ang malakas na ulan na maaring maging sanhi ng pagguho ng lupa at baha.

[TAIFU – Bagyo] ... Nangyayari sa kalagitnaan ng Hulyo at Oktubre ang bagyo may kasamang malakas na hangin at ulan. Sa karagdagan katulad din ang mga pinsala dahil sa tag-ulan, ang bagyo naman ay mayroong panganib na pinsala dahil sa lumilipad na mga bagay at baha sa baybay dagat dahil sa agwahe (tidal waves). Seguraduhin pag ingatan na masarhan ang mga bintana at huwag lumabas sa labas pag bumabagyo.

[JISHIN – Lindol] ... Ang lindol ay nangyayari sa Hapon ng madalas (kasama ang menor na yanig) na nangyayari sa ibat-ibang lugar ng bansa na sa katotohanan ay nangyayari araw-araw. kung minsan pag sunud -sunud ang lindol ay nagbibigay alam ng tsunami para sa baybay dagat na lugar.

Kalamidad / Kahandaan

- ① Itago ang mga mahalagang bagay (pera at banko de libreta) at saka iba pang mga importanteng bagay at pagsamahin sa isang lugar na madali mong makuha pag kayo ay lumisan.
- ② Siguraduhin na alamin ang pinakamalapit na sentro ng ebakwasyon at ruta.
- ③ Mag pasya kung saan ang iyong mga miyembro nang pamilya magkita pag may kalamidad na mangyari kung hindi kayo magkasama sa oras na iyon. Suriin din at kumpirmahin ang mga numero ng telepono ng emerhensya at ang mga tao na maari kang makipag-usap para pumasa ng impormasyon para sa kaligtasan ng iyong pamilya.
- ④ I handa ang maliit na bagay at halaga na kinakailangan habang namumuhay sa sentro ng ebakwasyon at itabi sa lugar na madali mong makuha pagkayo ay lumisan.

«Listahan ng mga bagay para sa Emerhensiyang Ebakwasyon »

Mahalagang gamit: Pera, libreta ng bangko, sariling selyo (inkan) kard ng seguro sa kalusugan, at iba pa.

Emerhensyang Probisyon: Biskuit, delatang pagkain at iba pang pagkain na hindi na kailangan lutuin, cup noodles, tubig (petbottles) at kung may sanggol pulbos na gatas.

Portable Radyo: Maliit at magaan na radyo na makakuha ng AM at PM radyo net work.

Flash Light: Mas mabuti isa sa bawat pamilya. Huwag kalimutan mag balot ng ekstrang baterya at bombelya..

Emerhensyang Suplay: Pangdisimpekta at pamahid, para panggamot ng sugat, bendahe at band-aids, gamot para sa lagnat at sakit ng tiyan at iba pa. Kung ikaw ay umiinom ng gamot kuwag din kalimutan magbalot ng ilang piraso.

At iba pa: Damit, mga gamit panlinis (towalya, tissues ,sabon at iba pa) pangsindi, kutsilyo, guwantes, helmet, kumot, produktong pang sanitaryo, disposable na lampin at botelya pang sanggol (baby bottles) at iba pa.

Mga Impormasyon ng panahon at Kalamidad sa TV at Radyo

Kapag may balitang, malakas ang ulan o may darating na bagyo ang impormasyon ng panahon at kalamidad ay isabalita ng madalas sa telebisyon o radyo pakinggan ng maigi ang impormasyon..

Mga Sampung Kondisyon para paala ala sa Lindol

Mga gusaling Haponese ay ginawa sa alinsunod sa tiyak na pamantayan upang doon ay bumaba ang panganib pag ito ay bumagsak pag may lindol. Subalit ang gusaling gawa sa mga madaling masunog na materyales tulad ng kahoy, papel at ang mga bahay na dikit sa isat-isa, may posibilidad na pag nangyari ang sunog ay kakalat.

Dahil dito sa katangiang kalagayan ng Haponese mangyari sundin ang mga sumusunod na aksyon pag nangyari ang lindol.

- ① Una sa lahat protektahan ang sarili.

Kung nasa bahay ka o nasa paaralan magtago sa ilalim ng lamesa, desk o sa matitigas na mga kasangkapan sa bahay at antayin tumigil ang pagkalog.

- ② Patayin ang gas (stoves, heaters) kaagad.

Kung ikaw ay nagluluto o kung ang gas ay nakabukas, patayin kaagad, at ang pangunahin (na swith)(Mag ingat na hindi ka mapaso ng langis o kumukulong tubig.)

③ Seguradong ligtas na labasan.

Ang yanig ng lindol ay dahilan ng pagkaipit ng pintuan. Pag nangyari ang lindol buksan ang tapat na pintuan para may ligtas na labasan.

④ Pawiin ang apoy ka-agad.

Pag may sunog na mangyari sumigaw ka ng malakas sa iyong kapitbahay para sila ay makarating para tumulong magtrabaho para pawiin ang apoy. .

⑤ Huwag magulat at magmamadaling lumabas.

Pag ikaw ay nagmamadaling lumabas maari kang masugatan sa mga nahuhulog na mga laryo o mga karatula at iba pa. Manatiling huminahon.

⑥ Huwag pumunta sa malapit na maliit na daan, bangin o ilog.

Huwag pumunta sa mga lugar na kung saan ang mga kongkretong bloke ay maaring matumba o sa bangin o ilog.

⑦ Maglakad papunta sa sentro ng ebakwasyon at bawasan ang mga dalahin.

Kung ikaw ay lumisan papunta sa sentro ng ebakwasyon. Magdala ng kaunting gamit at ilagay sa rucksack o ibang klaseng bag na makarga sa iyong likod.

⑧ Makigawa sa lahat para maisagawa ang kaluwagan ng mga gawaing emerhensya.

Maraming taong masugatan pag mayroong malakas na lindol na mangyari ang magkapit bahay ay kailangan tumulong sa isat isat para sa kaluwagan ng mga gawaing emerhensya..

⑨ Kumuha ng tamang impormasyon.

Ukulan ng pansin ang mga impormasyon na galing sa opisina ng bayan at balita galing sa telebisyon at radyo. Huwag humantong ng mga mali at hindi tamang impormasyon.

⑩ Pag usapan ang mga posibilidad na mangyari na kalamidad.

Sa bahay, paaralan, at trabaho, makipag-sap tungkol sa mga hakbang pag ang sakuna ay mangyari sa karaniwang batayan.

Ebakwasyon

Ang mga sumusunod na lugar ay mga nakatakdang sentro ng ebakwasyon. Sumama sa grupo ng iyong mga kapitbahay at lumikas sama-sama ayon sa turo.

■ Sentro ng Ebakwasyon

Pangalan	Lugar	Numero ng Telepono
1.Sakahogi Elementary School	Torikumi 35	0574-26-7105
2. Sakahogi Junior High School	Fukagawa 146	0574-26-7512
3.Central Community Center	Kuroiwa 1260-1	0574-26-7151
4.General Welfare Center Sun LifeSakahogi	Kuroiwa 162	0574-27-1222
5.Eastern Hall	Sakakura 770-8	
6.Sakahogi Kindergarten	Kuroiwa 20	0574-26-7913
7.Western Hall (NISHI KAN)	Fukagaya 70-2	

■ Temporaryong Lugar ng Ebakwasyon (Residents Association Assembly Facilities)

Pangalan	Lugar
8.Ishiki Community Center	Sakakura 169-5
9.Bukas na puwang sa dakong hilagaan ng Sakagura Fire Station	Sakakura 423-1
10.Chaya Community Center	Sakakura 2483
11.Nakagumi Community Center	Sakakura 632-2
12.Kumoume Community Center	Sakakura 788-1
13.Ohari Community Center	Ohari 220
14.Kamoyama No.1Assembly Hall	Kamoyama 1-19-7
15.Kamoyama No. 2 Assembly Hall	Kamoyama 2-10-1
16Kuroiwa Community Center.	Kuroiwa 609-2
17Fukagaya Community Center	Fukagaya 563-1
18.Katsuyama Community Center	Katsuyama 230-1
19.Torikumi West (Kanluran) Community Center	Torikumi 684-1
20.Torikumi East (Silangan) Community Center	Torikumi 403
21.Katsuyama Inaba Assembly	Katsuyama 480

《Paghahanda para sa Ebakwasyon》

① Bigyan ng ukol sa mga tawag pag lumikas.

Kapag ang panganib ay malapit pakinggan ang mga impormasyon ng panahon sa telebisyon/radyo at impormasyon ng ebakwasyon galing sa opisina ng bayan. Mag ingat sa mga anunsyo galing sa sasakyan pang anunsyo at radio transmission maaring mahirap pakinggan dahil sa malakas na hangin at ulan.

② Ang paglisan pagkatapos ng baha ay mapanganib.

Magsuot ng damit na madaling kumilos at lumikas bago mangyari ang baha. Kumilos ng samasama magkapareha o grupo. Huwag pumunta sa malapit na bumabahang daan mapanganib at maari kang mahulog sa pinto ng suwelo o maari kang masama sa lagas.

③ Paghindi ka maka likas....

Maari kang lumikas kung ang tubig ay hanggang sa ilalim ng iyong tuhod. Anumang agos ng tubig ay mapanganib dahil madaling mawala ang iyong katayuan kahit na mababaw ang tubig. Pag hindi ka maaring lumikas dahil sa mga ilang kadahilanan, tumakas sa malapit na matibay na gusali sa ika-tatlo o higit pa na palapag.

④ Lumikas sa lalong madaling panahon.

Paggabi at umuulan ang bilis ng lakad ay higit-kulang sa 1.5 km ~ 2 km bawat ora. Sa mga dahilang ito ay mahalagang lumikas sa lalong madaling panahon pag ang kasamahang bahay ay matatanda o may kapinsanan o mga maliit na bata. Ang magkapit bahay ay tumulong sa isat-isa pag lumikas.

⑤ Mag ingat sa pagguho ng lupa.

Malapit sa burol o bundukin na lugar ay mag ingat sa pagguho ng lupa. Mag ingat habang naglalakad sa daang gilid ng bundok pag lumikas.

⑥ Iwasang lumikas sa pamagitan ng sasakyan.

Paglumikas sa pamagitan ng sasakyan magiging sanhi ng kasikipan ng trapiko, at maaring mapanganib lulubog sa mga bumabaha na daan at ang sasakyan pang emerhensya maaring hindi makarating. Bilang isang patakaran maglakad paglumikas.

Pagtatanong: [SOU MU-KA – General Affairs Division](#) (3F, Town Office) Tel: 0574-26-7111(extension 314)

Main Community Facilities ng Sakahogi Town

Opisina ng Bayan ng Sakahogi (Town office)

Lugar: Torikumi 46-18 Tel: 0574-26-7111

Oras ng bukas: 8:30 - 17:15 horas

Sarado: Sabado (bukod sa umaga ng bawat pangalawa at pang apat na Sabado), Domingo, pampublikong piyesta opisyal, at bakasyon sa huling araw ng taon at bagong taon (Disyembre 29 -Enero3)

■ Pangunahing Dibisyon at mga Opisyal (Main division and Officers)

SOUMU-KA –(General Affairs Division) Dibisyon ng Pangkalahatang Kapakanan(3F, Town Hall):prebensyon ng kalamidad, krimen, kaligtasan sa trapiko pang istatistika,eleksyon at iba pa.

KIKAKU-KA – (Planning Division)Dibisyon ng Pagplano (3F, Town Hall): Kaugnay ng pampubliko,turismo Internasyonal exchange at iba pa..

ZEIMU-KA – (Taxation Division) Dibisyon ng Buwis (2F, Town Hall):Pag payuhan tungkol sa buwis at pagbabayad, at iba pa.

KAIKEI-SHITSU –Accounting Office (2F, Town Hall):Pag babayad ng buwis at mga kabayaran, at iba pa.

JUMIN-KA – (Resident's Division) Dibisyon ng Residente (2F, Town Hall): Rehistrasyon ng mga dayuhan,Sirtipiko ng paninirahan, Aplikasyon ng Sistema ng Seguro ng Kalusugan,at pamaraan ng pag pasok Pambansang Seguro ng Kalusugan at iba pa.

FUKUSHI-KA – (Welfare Division)Dibisyon ng Kapakanan (2F,Town Hall):Mga matatanda at may kapansanan na tao,pamaraan sa pagpasok sa nursery school at Aplikasyon ng sustento ng bata at iba pa..

SUIDOU-KA – (Waterwork's) Dibisyon ng Patubigan (2F, Town Hall) Tubig/Koneksyon ng dumi sa alkantariya/Kabayaran at iba pa.

SANGYO KENSETSU-KA – (Industrial Construction Division) Dibisyon ng Industriya ng Konstraksyon (2F, Town Hall): Konstraksyon ng daan /maintenance, aplikasyon ng pagpasok sa pampublikong bahay at iba pa .

HOKEN CENTER – (Health Center) Sentro ng Kalusugan (1F, Town Hall): Pagsiyasat ng kalusugan pagpayo ng kalusugan at pag alaga ng bata at iba pa.

CHIIKI HOUKATSU SHIEN CENTER – (Community Inclusion Support Center) Sentro ng Central Komunidad (2F,Town Hall) Pag alaga ng mga matatanda,paraan ng pamumuhay,at pagpapayo ng kalahatan at iba pa.

Sentro ng Central Komunidad

Address: Kuroiwa 1260-1 Tel: 0574-26-7151

Oras ng bukas: 8:30 at 17:15

Sarado: Lunes,pampublikong opisyal,bakasyon sa huling araw ng taon at unang araw ng bagong taon (Disyembre 29 at Enero 3)

Pangunahing Dibisyon at opisyaes.

Pinuno ng Paaralan: (School Education Officer) Paaralan ng Elementarya / Junior high school (Chu-Gakko) proseso ng Pag pasok at iba pa.

Pinuno ng Panlipunang Edukasyon: (Social Education Officer) Aplikasyon para sa pagamit ng pasilidad ng pang-libangan paghiram ng aklat at iba pa.

Pasilidad ng palaro

■ SOUGO UNDOUJO – General Play Ground

Lugar: Kuroiwa 111-1 Tel. 0574-26-7151

Facilities: 17,095 m² area (mayroong ilaw na magagamit)

Oras ng bukas: 6:00 -21:30

■ CHOUMIN UNDOUJO – Community Play Ground

Lugar: Torikumi 35-4 Tel: 0574-26-7151

Mga pasilidad ng: area 6.302 m² area (mayroong ilaw na magagamit)

Oras ng bukas: 6:00 ~ 21:30

■ TAMOKUTEKI GROUND – Multipurpose Grounds

Address: Kuroiwa 143-1 Tel: 0574-26-7151

Mga pasilidad ng: Gate golf course, ground golf course ※Ang paggamit ay libre.

■ SPORTS DOME

Lugar: Kuroiwa 1260-1 Tel: 0574-26-7151

Mga Pasilidad ng: Indoor sport facilities (1.647 m²), 2x gateball courts, 3 x mini volleyball courts, 2 x tennis courts)

Oras ng bukas: 8:30 ~ 21:30

■ SOUGO UNDOUJO TENNIS COURT – General Play Ground Tennis Court

Lugar: Kuroiwa 111-1 Tel: 0574-26-7151

Mga pasilidad ng: 4 tennis courts (artificial grass with sand) (mayroong ilaw na magagamit)

Oras ng bukas: 6:00-21:30

■ HIGASHI KAN –Eastern Hall (Silangan Hall)

Lugar: Sakagura 770-8 Tel: 0574-26-7151

Mga pasilidad ng: Indoor sport facilities (volleyball courts, badminton court, table tennis tables, meeting rooms)

Oras ng bukas: 8:00-21:30

■ NISHI KAN – Western Hall (kanluran Hall)

Lugar: Fukagaya 370-2 Tel: 0574-26-7151

Mga Pasilidad ng: Indoor sports facilities, (volleyball, badminton courts, table tennis courts, table tennis tables, assembly rooms) (2X12 tatami mat rooms), training room, cooking classroom

※ Makipag -alam sa Sakahogi Town Office Industrial Construction Division tungkol sa pag-gamit ng mga silid (SANGYOKENSETSU-KA).

Oras ng bukas: 8:00 ~ 21:30

Recreation Facilities

■ CHOUMIN FUREAI POOL – Komunidad Fureai Pool

Lugar: Kuroiwa 109 Tel: 0574-26-9566

Mga pasilidad ng: 25m pool, wading pool, water slide

Parking: 66 parkes; No. 2 Car Park (multipurpose grounds: 180 parkes)

Bukas na buwan: Julio 18~Agosto 31

Oras ng bukas: 9:00 ~ 17:00

Bayad: Matatanda (mataas na paaralan ng mag-araal at sa itaas) ¥500, elementary at junior high school ¥200.

Welfare Facilities

■ General Welfare Center Sun Life Sakahogi

Lugar: Kuroiwa 162 Tel: 0574-27-1222

Mga pasilidad ng: Functions as a community welfare center and elderly welfare center and is a base for community welfare. (Gumagana bilang isang komunidad na sentro ng kapakanan at sentro ng kapakanan ng mga matatanda at ito ay isang batayan para sa kapakanan ng komunidad.)

Oras ng bukas: 9:00 - 15:30

Sarado: Pang-una at Pa-ngatlongdomingo ng buwan / huling araw ng taon / bakasyon sa bagong taon (Desyembre 29 – Enero 3).

■ DAY SERVICE CENTER (Pang araw na sentro ng serbisyo)

Lugar: Kuroiwa 162 Tel: 0574-27-1223

Sarado: Domingo, huling araw ng taon / bakasyon sa bagong taon (Desyembre 29 – Enero 3).

■ Health Center (Sentro ng Kalusugan)

Lugar: Torikumi 46-18 (1F, Town Office) (1 palapag ng Opisina ng Bayan) Tel: 0574-26-7111

Oras ng bukas: 8:30 - 17:15

Sarado: Sabado, Domingo, piyesta opisyal, huling araw ng taon / bakasyon sa bagong taon.

At Iba Pa

Publikong Piyesta Opisyal ng Hapones at iba pang Piyesta Opisyal

Araw ng bagong taon	Enero 1	Araw ng pag-daos ng unang araw ng taon.
Coming of Age Day	Ikalawang Lunes ng Enero	Araw ng pagdaos ng pagdating ng edad ng mga kabataan at hikayatin ang mga ito para makakuha ng kamalayan sa kanilang sarili bilang mga matatanda at kasapi ng lipunan.
Araw ng pondasyon ng bansa	Pebrero 11	Araw ng pag ala-ala at hikayatin ang pondasyon ng kabayanihan.
Spring Equinox Day	Marso 20	Araw ng pagpuri ng kalikasan at pagmahal para sa mga buhay na mga bagay.
Araw ng Showa	Abril 29	Araw ng pagtingin sa nakaraang showa era at kung saan ang bansa naibalik pagkatapos ng matinding kaguluhan at pag-iisip tungkol sa hinaharap ng bansa.
Araw ng pag ala-ala ng saligang batas	Mayo 3	Araw ng pag ala-ala ng pagpatupad ng mga saligang batas ng Hapones at pagreporma ng pag unlad ng bansa.
Araw ng Halaman	Mayo 4	Araw ng pag-alih ng kalikasan at pagpahayag ng paghanga para samabuting kapalaran at gayundin sapagpalaki ng espiritu ng kayamanan (piyesta opisyal kung ang nagdaan at sa mga sumusunod na araw ay piyesta opisyal.)
Araw ng mga Bata	Mayo 5	Araw para sa paggalang sa mga personalidad ng mga bata at pagpahayag ng hangarin ng kanilang kaligayahan at gayundin pagpahayag ng pasasalamat sa mga ina.
Araw ng Dagat	Ikatlong Lunes ng Hulio	Araw ng pagpasalamat para sa grasya galing sa karagatan, at pagnanais sa kaunlaran ng bansa na malapit sa dagat.
Araw ng paggalang sa mga matatanda	Ikalawang Lunes ng Septiyembre	Araw ng pagpakita ng paggalang at pagmamahal para sa mga matatanda na tapat ang kanilang sarili sa lipunan ng mahabang panahon at selebrasyon para sa kanilang mahabang buhay.
Autumnal Equinox Araw	Septiyembre 23	Araw sa paggalang ng mga ninuno at parangal sa mga patay.
Araw ng Pambansang Isport	Ikalawang Lunes ng Oktubre	Araw ng mag saya sa paligsahan at kalusugan ng katawan at kaisipan.
Araw ng Kultura	Nobyembre 3	Araw para ipagdaos ang pagmahal sa kalayaan at kapayapaan at pagtaguyod ng kultura.
Araw ng pagpasa lamat sa paggawa	Nobyembre 23	Araw ng pagpuri ng paggawa at pagdiwang ng produkto at ang mga taong nagbibigay ng pagpasalamat sa pagsisikap bawat isat isa.
Araw ng Emperador	Disyembre 23	Araw ng pagdiwang ng kaarawan ng Emperador.

Aklat Patnubay ng Paraan ng Pamumuhay

Inalathala noong Septiyembre 2009

Na-edit at Nai-publish sa pamamagitan ng Division ng Pagpaplano,
ng Bayan ng Sakahogi

Tel: 0574-26-7111

E-mail: kikaku@town.sakahogi.gifu.jp

生活ガイドブック

2009年（平成21年）11月発行

編集・発行 坂祝町役場 企画課

電話 0574-26-7111

E-mail: kikaku@town.sakahogi.gifu.jp